**LITTLE JESUS LEARNING CENTER**
Canlubang, Calamba City

**IKAAPAT NA MARKAHANG PAGSUSULIT**
Araling Panlipunan
Kasaysayan ng Asya
Baitang 7

I. **Panuto**. Basahing mabuti ang bawat tanong. Piliin ang **titik** ng tamang sagot.

1. Ilan sa mga bansa sa Silangan at Timog-Silangang Asya ay nasakop noong ika-16 at ika-17. Alin sa mga sumusunod na bansang kanluranin ang nanakop sa mga ito?
   A. England, United States of America, Portugal, at France
   B. France, Portugal, United States of America, at Spain
   C. Netherlands, Spain, France, at Portugal
   D. Spain, Portugal, England, at Netherlands

2. Ang Portugal ay isa sa bansang nagnais ng mga kolonya sa Asya. Anong mga bansa sa Silangang Asya ang kanyang nakuha?
   A. China at Korea
   B. Japan at China
   C. Korea at Taiwan
   D. Taiwan at China

3. Ang Timog-Silangang Asya ay apektado sa unang yugto ng imperyalismo. Ano-anong mga bansa rito ang nasakop?
   A. Indonesia, Vietnam, at Thailand
   B. Malaysia, Indonesia, at Pilipinas
   C. Pilipinas, Thailand, at Vietnam
   D. Thailand, Malaysia, at Pilipinas

4. Alin sa sumusunod na uri ng nasyonalismo na umusbong sa China na naging daan sa paglaya mula sa mananakop?
   A. Demokratiko
   B. Komunismo
   C. Sosyalismo
   D. Totalitaryanismo

5. Anong paraaan ang ginawa ng Vietnam upang makamtan ang pinakaaasam-asam na kalayaan?
   A. Digmaan
   B. Kalakalan
   C. Pakikipagkaibigan
   D. Ugnayan

6. Nakamit ng Indonesia ang kalayaan noong Agosto 17, 1945 sa pamumuno ni Achmed Sukarno. Sa pamamagitan ng anong paraan lumaban ang Indonesia sa mga Olandes?
   A. Kalakalan
   B. Komunikasyon
   C. Pakikipagkaibigan
   D. Rebolusyon

7. Ano ang tawag sa patakarang pinagbabayad ng buwis ng mga Espanyol ang mga katutubo, ilan sa maaaring ipambayad ay ginto, mga produkto at mga ari – arian?
   A. Monopolyo
   B. Polo y Servicio
   C. Sanduguan
   D. Tributo

LIVEWORKSHEETS

8. Sino ang isang Portuges na naglayag para sa Hari ng España noong Marso 16, 1521 na nabigong masakop ang Pilipinas dahil napatay siya ng mga tauhan ni Lapu Lapu sa Labanan sa Mactan?

A. Adolf Hitler
B. Ferdinand Magellan
C. Marco Polo
D. Miguel Lopez de Legazpi

9. Anong patakarang ang sapilitang pinagtatrabaho ang mga kalalakihang edad 16 hanggang 60 at pinagawa sila ng tulay, kalsada, simbahan, at gusaling pampamahalaan atbp?

A. Monopolyo
B. Polo y Servicio
C. Sanduguan
D. Tributo

10. Ano ang tawag sa paraan na pinag-aaway ng mga mananakop ang mga katutubong pinuno upang mas madali nilang masakop ang mga lugar?

A. Advocacy Policy
B. Divide and Rule Policy
C. Survival Instinct Policy
D. Occupancy Permit Policy

11. Ano ang dalawang paraan ng pagpapakita ng damdaming nasyonalismo na ginagamit ng mga Asyano sa pagkamit ng kalayaan?

A. Civilizing Mission at Ethical Policy
B. Imperyalismo at Kolonyalismo
C. Propaganda at Himagsikan
D. Reporma at Propaganda

12. Anong kilusang inilunsad ng mga Pilipino na naglalayon ng pagbabago sa pamamalakad ng mga Kastila at pantay na pagtrato sa mga Pilipino at Kastila?

A. Budi Utomo
B. Katipunan
C. Kuomintang
D. Propaganda

13. Ang tawag sa paraang pagluhod ng dalawang tuhod ng isang dayuhan sa Emperador ng Tsino?

A. Beso Beso
B. Kowtow
C. Sawadeeka
D. Ohayo

14. Anong tawag sa halamang gamot na kapag inabuso ay may masamang epekto sa kalusugan?

A. Krusada
B. Merkantelismo
C. Opyo
D. Renaissance

15. Kailan pinirmahan ng China ang "Kasunduang Nanking" na opisyal na nagwakas ang Unang Digmaang Opyo?

A. Agosto 9, 1842
B. Agosto 29, 1842
C. Agosto 9, 1852
D. Agosto 19, 1852

16. Ano ang relihiyong ipinalaganap ng mga Espanyol sa Pilipinas?

A. Buddhismo
B. Iglesia ni Cristo
C. Islam
D. Kristyanismo

17. Ano ang tawag sa pamamaraan kung saan ang mga lokal na pinuno at pinunong Español ay iniinom ang alak na hinaluan ng kani-kanilang dugo bilang senyales ng kanilang pormal na pakikipagsundo sa bawat panig?

A. Pakikipagkasundo
B. Sandugo
C. Sanduguan
D. Sanggunian

LIVEWORKSHEETS

18. Anong tawag sa naglalayon na mailipat ang mga katutubo na naninirahan sa malalayong lugar upang matiyak ang kanilang kapangyarihan sa kolonya, gayundin ang pagpapalaganap ng Kristiyanismo?
A. Kristiyanismo
B. Open Door Policy
C. Reduccion
D. Sanduguan

19. Ano ang tawag sa pinakamataas na pinunong Espanyol sa Pilipinas?
A. Alcalde Mayor
B. Gobernadorcillo
C. Gobernador-Heneral
D. Hari

20. Ano ang tawag sa mga unang gurong Amerikano na dumating sa Pilipinas lulan ng barkong S.S.Thomas?
A. Thomasians
B. Thomas
C. Thomasites
D. Tomasite

II. Basahing mabuti ang bawat pahayag. Tukuyin ang salitang inilalarawan o ipinapaliwanag sa pamamagitan ng pagpili na sagot sa loob ng kahon sa itaas. Isulat ang kasagutan sa patlang.

| | | |
|---|---|---|
| Meiji | kowtow | Isolasyon |
| Manchu | tsaa at seda | spheres of influence |
| Katipunan | Kilusang Propaganda | kaisipang liberal |
| Ho Chi Minh | Rodrigo Duterte | Ferdinand Marcos |

21. Ang Dinastiyang ____________________ ng Tsina ay itinuturing na superior ang kahariang Tsino lalo na sa aspetong kalakalan sa mga dayuhang bansa.

22. Ang popularidad ng ___________________ ay naging daan sa paghahangad ng matatag na kalakalan ng Britanya sa Tsina.

23. Ang _____________________ ay isang pamamaraan ng pagluhod na ibinibigay ng isang dayuhang mangangalakal sa Hari Ng Tsina bilang bahagi ng kanyang pag-respeto sa pinuno.

24. Ang ____________________ ay bahagi ng teritoryo ng Tsina ngunit pinangangasiwaan sa aspetong pang-ekonomiya ng isang bansang dayuhan.

25. Ang Panahon ng _________________ ay naging daan upang masugpo ng Hapon ang mabilis na paglaganap ng Kanlurang kaisipan at pananampalataya.

26. Ang Panahong __________________ ay naging daan sa modernisasyon ng lipunang Hapon sa aspetong pangkabuhayan, pulitika, at sosyo-kultural.

27. Ang Kilusang Propaganda at _____________________ ay mga samahang itinaguyod ng mga Pilipino upang makamit ang kalayaan sa mga mananakop na Kastila.

28. Kaalinsabay ng pagpasok ng mga ____________________ sa Pilipinas ay ang pagsisimula ng pag-usbong ng dalawang nasyonalismo.

LIVEWORKSHEETS

29. Pinasimulan at nabuo ang ______________________ ng mga ilustrado at edukadong mga Pilipino na ang naging layunin ay ang paghiling sa pagkakapantay-pantay ng mga Pilipino sa mga Kastila; maging lalawigan ang Pilipinas ng bansang Espanya; at ang pagbabago sa pamamaraan ng pamamahala ng mga Kastila.

30. Si ______________________ ay isang nasyonalista ng pinuno ng Vietnam na sinalamin ang kalayaan sa pamamagitan ng pagtanggap sa pamamaraang Komunismo.

III. Basahing mabuti ang bawat pahayag. Isulat ang **TAMA** kung wastong ang isinasaad at **MALI** naman kung hindi wasto. Isulat ang wastong sagot sa sagutang papel.

**TAMA** **MALI** 31. Ang mga kababaihan sa Silangan at Timog-Silangang Asya ay nagpapakita ng matibay na pagpupunyagi sa larangan ng negosyo at ekonomiya.

**TAMA** **MALI** 32. Ang *open racial equality* ay nangangahulugang pantay na pagtingin sa lahi na hindi pinansin ng mga kanluranin.

**TAMA** **MALI** 33. Sa kabila ng mga pagsubok at diskriminasyon, patuloy na nakikipaglaban ang mga kababaihan sa Silangan at Timog-Silangang Asya para sa kanilang karapatan sa edukasyon at trabaho.

**TAMA** **MALI** 34. Taong 1939- Inagaw ng Japan ang lungsod ng Manchuria na nagbunga ng pagkukundena ng mga liga ng mga bansa sa Japan.

**TAMA** **MALI** 35. Maraming kababaihan sa Silangan at Timog-Silangang Asya ang nakikibaka para sa pagkakapantay-pantay sa lipunan at para sa kanilang mga karapatan sa kalayaan at demokrasya.

**TAMA** **MALI** 36. Sa larangan ng politika, mas dumarami na ang mga kababaihan sa Silangan at Timog-Silangang Asya na nagpapakita ng liderato at aktibong paglahok sa pagbuo ng mga polisiya at desisyon sa kanilang mga komunidad.

**TAMA** **MALI** 37. Unang naganap ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, sinundan ng Rape of Nanking na nasundan pa ng Manchuria Incident

**TAMA** **MALI** 38. Sa kasaysayan ng Vietnam ay may apat na naganap na paglaya ang una ay noong 938 mula sa China, ang pangalawa noong Setyembre 2,1945 mula sa France, at ang pangatlo ay noong Hulyo 2, 1976.

**TAMA** **MALI** 39. Nakamit ng Burma ang kalayaan nito noong Enero 4, 1960 sa pamumuno ni U Nu bilang punong Ministro.

**TAMA** **MALI** 40. Sa pamamagitan ng kanilang dedikasyon at pagpupunyagi, ang mga kababaihan sa Silangan at Timog-Silangang Asya ay nagbibigay ng inspirasyon at patunay na sila ay mahalagang bahagi ng pag-unlad at progreso ng kanilang mga bansa.

LIVEWORKSHEETS

IV. Sanaysay.

Sugutin ang katanungan sa loob ng 3 hanggang 5 pangungusap. Isulat ang kasagutan sa sagutang papel.

| **Pamantayan sa Pagmamarka** | |
|---|---|
| **Kraytirya** | **Puntos** |
| Nilalaman | 2 |
| Pagkakabuo | 2 |
| Organisasyon ng mga ideya | 1 |
| *Kabuuan* | *5 puntos* |

41-45. Paano nakaapekto ang Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa paglaya ng mga bansa sa Silangan at Timog-Silangang Asya?

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

46-50 Paano hinubog ng ideolohiya ang paglaya ng mga bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya?

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

**"Nang sa lahat ng bagay ang Diyos ay papurihan!"**

LIVEWORKSHEETS